Miracles ✦

LET HIM BE KNOWN

# Ginawang Alak ang Tubig

WEEK 1

## WARM-UP

- Ano ang isang magandang bagay na ginawa ng isang tao para sa iyo kamakailan?
- May nadaluhan ka na bang salu-salo kung saan naubusan ng pagkain at inumin? Ano ang nangyari?
- Magkwento ng panahon kung kailan mayroon kang bagay na kailangang-kailangan mo na at may tumulong sa iyo.

## WORD

*Ang nangyaring ito sa Cana, Galilea ay ang unang himala na ginawa ni Jesus. Sa ginawa niyang ito, ipinakita niya ang kanyang kapangyarihan, at sumampalataya sa kanya ang mga tagasunod niya.* **JUAN 2:11**

(Basahin din ang **JUAN 2:1–10.**)

Sa salaysay niya tungkol sa buhay ni Jesus, sumulat si Juan, na disipulo ni Jesus, tungkol sa pitong palatandaan, o himala, na ginamit ni Jesus upang ihayag ang Kanyang kaluwalhatian sa Kanyang mga disipulo at tagasunod. Ang unang himala ni Jesus ay nangyari sa isang kasalan sa Cana, isang pagdiriwang na tumagal ng isang linggo kung saan hindi dapat maubos ang pagkain at inumin. Ngunit, sa kasalang ito, naubusan ng alak ang *host* o punong-abala ng pagdiriwang. Nahabag si Jesus sa nakita Niyang pangangailangan, at sa unang pagkakataon, inihayag Niya ang Kanyang kaluwalhatian sa Kanyang mga disipulo nang gawin Niyang alak ang tubig. Tingnan natin ang tatlong katangian ni Jesus na ipinahayag sa himalang ito.

## 1 Ipinapakita ng himala ang kagustuhan ni Jesus na tugunan ang pangangailangan ng mga tao.

*Sinabi ni Jesus sa mga katulong, "Punuin ninyo ng tubig ang mga tapayan." At pinuno nga nila ang mga ito.* **JUAN 2:7**

Nang sinabihan si Jesus na wala nang natirang alak, sinabi Niya na hindi pa panahon upang ipahayag ang Kanyang kaluwalhatian. Hindi rin kritikal na kaganapan ang kakulangan ng alak para sa sinuman doon maliban sa punong-abala, dahil makakapagbigay ito ng kahihiyan sa pamilya. Nang gawing alak ni Jesus ang tubig, ang mga nakakaalam lang ay ang Kanyang mga disipulo at ang mga katulong, ang mga taong kumikilos sa likod ng mga nangyayari. Sa pamamagitan ng himalang ito, tinugunan ni Jesus ang isang pangangailangan at ipinakita Niya ang Kanyang kapangyarihan at pagmamalasakit sa mga tao. Sa tingin mo, ano ang nagtulak kay Jesus para tumugon?

................................................................

................................................................

................................................................

................................................................

## 2 Ipinapakita ng himala ang masaganang biyaya ni Jesus.

*[9]Tinikman ng namamahala ang tubig na naging alak. Hindi niya alam kung saan nanggaling ang alak. (Pero alam ito ng mga katulong na sumalok ng tubig.) Kaya ipinatawag niya ang lalaking ikinasal [10]at sinabi, "Karaniwan, ang pinakamainam na alak muna ang inihahanda, at kapag marami nang nainom ang mga tao, saka naman inilalabas ang ordinaryong alak. Pero iba ka, dahil ngayon mo lang inilabas ang espesyal na alak."* **JUAN 2:9–10**

Hindi lamang ginawang alak ni Jesus ang tubig—ginawa Niya itong napakasarap na alak. Higit pa sa inaasahan ang ginawa Niya at pinagtibay nito ang karangalan at kagandahang-loob ng punong-abala. Kahit na hindi kritikal na buhay-o-kamatayang sitwasyon ang kasalan, masaganang tinugunan ni Jesus ang pangangailangang nakita Niya. Ginamit Niya ang imahe ng alak na binanggit ng mga propeta (Joel 3:18; Amos 9:13–14; Jeremias 31:12) upang ipakita ang pagbubunga at pagkakaloob

na pinagpala Niya. Paano inilarawan ng himalang ito ang biyaya ng Diyos na tinukoy sa Juan 1:16?

### 3 Ipinapakita ng himala ang pagpapakumbaba ni Jesus.

*Tinikman ng namamahala ang tubig na naging alak. Hindi niya alam kung saan nanggaling ang alak. (Pero alam ito ng mga katulong na sumalok ng tubig.) Kaya ipinatawag niya ang lalaking ikinasal . . .* **JUAN 2:9**

Hindi naghangad ng atensyon si Jesus para sa himala sa anumang paraan. Hindi sinabi ng mga katulong sa namamahala ang tungkol sa himala, at ang punong-abala ang tumanggap ng papuri para sa alak. Ang paggawa ni Jesus ng alak mula sa tubig sa kasalang ito sa Cana ang unang himala ni Jesus, ngunit ipinahayag Niya ang Kanyang kaluwalhatian sa pinakamababang paraan at doon lamang sa mga taong kumikilos sa likod ng mga nangyayari. Sa tingin mo, bakit pinili ni Jesus na ipahayag ang kaluwalhatian ng Diyos sa ganitong paraan?

Ipinapakita ng unang palatandaan ang layunin ng lahat ng palatandaan: ipahayag ang kaluwalhatian ni Jesu-Cristo. Ipinahayag sa atin ng unang palatandaan ang ilang mga bagay: ang kapangyarihan at awtoridad ni Cristo; ang pagmamalasakit Niya sa mga tao at sa kanilang pangangailangan; at ang pagpapahalaga Niya sa lahat—maging sa mga taong kumikilos sa likod lamang ng mga kaganapan.

## APPLICATION

- Naniniwala ka bang si Jesus ay gumagawa ng himala? Batay sa kwento, anong uri Siya ng tagagawa ng himala? Paano kaya Siya kumikilos sa buhay mo?
- Makikita ang masaganang biyaya ni Jesus sa paraan Niya ng pagtugon sa mga pangangailangan ng mga tao. Ano ang larawan ng "masaganang biyaya" sa buhay mo ngayon?
- May kwento ba ng himala at biyaya ni Jesus na maaari mong ibahagi sa iyong pamilya at mga kaibigan ngayong linggo? Ano ang kwentong iyon at paano mo ito maibabahagi?

## PRAYER

- Pasalamatan si Jesus para sa Kanyang masaganang biyaya at pag-ibig na nagtutulak sa Kanyang gumawa ng himala sa iyong buhay.
- Ipanalangin na sa patuloy mong pananampalataya kay Jesus, patuloy mo ring makikita ang kaluwalhatian ng Diyos sa iyong buhay sa pamamagitan ng mga himala.
- Hilingin sa Diyos na ipakita Niya ang Kanyang kaluwalhatian sa mga miyembro ng iyong pamilya at mga kaibigan sa pamamagitan ng mga himala sa iyong buhay at pati na rin sa kanilang mga buhay. Ipanalangin na magkaroon ka ng mga pagkakataong maibahagi ang pag-ibig at biyaya ng Diyos sa kanila.

VICTORY

Honor God. Make Disciples.

© 2023 ng VICTORY®
Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Lahat ng sipi ay mula sa ANG SALITA NG DIOS®
Karapatang Pag-aari © 2010 ng Biblica® Ginamit nang may pahintulot mula sa Biblica Publishing & Distribution Foundation, Inc.®
Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Mga naging bahagi sa pagbuo ng babasahin: Esther Suson, Madel Vanguardia

victory.org.ph